

DISTRITO NG PAARALANG NASYONAL PANUKALA N BIGAY SAGOT SA MALIMIT NA MGA TANONG

ANO ANG PANUKALA N?

Ang Panukala N ay isang panukala para magkaroon ng bono para sa kaunlaran ng paaralang pambayan na ilalagay sa balota heneral sa Nobyembre 4. Kung ipasa ng 55% ng mga botante, ang Panukala N ay magkakaroon ng \$26.1 milyon para gamitin sa malaking pagpapaayos, pagbabago at pagtataas ng kalagayan ng mga silid aralan at paaralan sa buong distrito.

BAKIT KAILANGAN ANG PANUKALA N?

Ang ating lumang paaralan ay mahigit na 50 taon na, samantalang ang mga bagong paaralan ay 30 taon na. Kahit ang mga gusali ay pinanatiling maayos pa, marami pang kailangan para sa pagpapaayos at pagpapaunlad nito.

ANO ANG POPONDOHAN NG PANUKALA N?

Ipahihintulot ng Panukala N ang pagaayos ng mga gusali sa buong distrito kasama ng mga sumusunod:

- Maglagay, magpataas at magpalit ng mga lumang gamit tulad ng painitan, bentilasyon at hangin pampalamig sa lahat ng silid aralan sa distrito.
- Magkumpuni at magtatag muli ng modernong paaralan para tugunan ang antas para sa kalusugan ang kaligtasan sa paaralan.
- Magdagdag ng tagumpay para sa mga mag-aaral dahil sa pagkakaroon ng lugar ng kompyuter na may mabilis na kapasidad sa internet at makabagong teknolohiya sa lahat ng paaralan sa buong distrito.
- Tumugon sa mga kailangan ng mga may kapansanan sa palikuran at silid aralan.
- Magpaayos at magpalaki ng mga aklatan.
- Magkumpuni at magpalit ng mga bubong.

ANO ANG BONO OBLIGASYON HENERAL?

Ang bonong ito ay ginagamit ng bawat distrito ng mga paaralan ng pamahalaan para gastusin sa mga proyekto katulad ng pagpapaayos ng kasalukuyang silid aralan at gusali, ganoon din para sa paggawa ng mga bagong silid aralan at gusali. Katulad ng pautang bahay, ang bono obligasyon heneral ay kaugalian ng babayaran sa pinagusapang terma ng panahon. Ang bayad sa utang na ito ay galing sa mga buwis na binayaran ng mga may-ari ng ari-arian – residensiyal, komersiyal o industriyal na nasa distrito.

MAGKANO ANG HALAGA NG PANUKALA N?

Ang presyo ng buwis ng mga may-ari ng mga ari-arian ay estimadong \$27.70 ng \$100,000 ng asesong halaga kada taon o mahigit kaunti sa \$2.30 ng \$100,000 ng asesong halaga kada buwan. Huwag magkamali sa kahulugan ng merkadong halaga at asesong halaga. Ang asesong halaga ng pamahalaan ay laging mababa kaysa sa merkadong halaga.

SINO ANG BOBOTO SA PANUKALA N?

Lahat ng botanteng nagrehistro at nakatira sa loob ng distrito ng Paaralang Nasyonal ay makakaboto sa Panukala N kung nagheristro kayo noong Oktubre 20, 2014.

MAARI BANG MAKUHA ANG PONDO NG BONONG ITO NG PAMAHALAAN NG ESTADO?

Hindi. Ayon sa batas, ang pondo ng Panukala N ay kailangang gastusin lahat sa distrito ng Paaralang Nasyonal at hindi makukuha ng Estado at gastusin kahit saan.

PAANO AKO MAKAKASIGURO NA ANG PONDO NG PANUKALA N AY GAGASTUSIN SA PAGAAYOS NG ATING PAARALAN?

Kung ipasa ng mga botante ang Panukala N, itatatag ng independenteng samahan "Citizens" Oversight Committee" para magrepaso at magsuri ng lahat ng mga gastos. Bilang karagdagan, ang pera ng Panukala N ay hindi maaring ibayad para sa suweldo ng mga guro at mga administrador.

